

1

Hindi pinansin ni Olga Jimenez ang halos nakakapasong init ng ilaw na nakatutok sa kanya habang umaakto siyang nang-aakit. Nariyan na nakapamaywang siya o yakap ang sarili o nakatalikod sa camera, pero nakasilip sa ibabaw ng kanyang balikat at may maliit na ngiti sa mga labi. Ngumiti siya, nagseryoso, nang-akit, naging mapaglaro.

Pero kahit na ano ang gawin niyang pose o facial expression, ubod pa rin ng ganda ang kinalabasan ng larawan sa screen ng camera na gamit ng kanyang photographer.

Mahal ng camera si Olga—kahit anong pose, kahit anong anggulo, may makeup o wala, bagong ayos o bagong gising. And she knew how to use that to her advantage.

“A little to the left, Olga,” sabi ng photographer at iginalaw niya ang ulo. Nasa kanyang batok ang isa niyang kamay at nasa baywang ang isa pa.

“Excellent!” puri ng photographer. Matapos kumuha ng ilang magkakasunod na larawan, sinabihan siya nito na magpahinga na muna bago

magbihis ng bagong bikini para masimulan naman nila ang poolside shoot.

“Thanks, Vee,” sabi niya bago tinanggap ang roba na inabot sa kanya ng pinsan na si Via na siya rin niyang personal assistant. “Are we on schedule?” tanong niya rito.

“Yup,” sagot ng dalaga. Magkasing-edad sila ni Via at madalas mapagkamalang kambal. Kamukhang-kamukha kasi niya ito maliban na lamang sa mas bilugan nitong mga mata. Near-sighted din ang kanyang pinsan kung kaya nakasalaman ito.

Sa tingin niya, mas maganda sa kanya nang kaunti si Via. Mas confident lamang siya rito kung kaya siya ang nagpatuloy sa pagiging modelo. Okay lang naman iyon sa kanyang pinsan. Mas gusto kasi nito ang manatili behind the scenes.

“Two hours na lang ang shoot,” patuloy ng pinsan habang nakatingin sa hawak nitong *iPad*. “Six p.m. ang contract signing, then dinner with Dexter.”

Tumango siya at nagtungo sila sa dressing room na naka-assign sa kanya. Naupo siya sa tapat ng kanyang dresser at pinagmasdan ang sarili.

Bata pa lamang, lagi na siyang tumatayo sa tapat ng salamin at nagpo-pose. Nag-se-stage rin sila ni

Strawberries And Champagne - Elise Estrella

Via ng fashion show noon kung saan mabilis silang nagpapalit ng damit sa likod ng mga isinabit nilang kumot bago lumabas sa 'entablado' na siyang sala ng bahay kung saan sila parehong lumaki. Pero sa kanilang dalawa, siya ang desidido maging modelo.

Alam naman niyang kaya niya. Alam niyang may confidence siya at salamat sa Diyos, may mukha at katawang pangmodelo. Kung kaya hindi siya nagtaka, nagulat o nagpakita ng false modesty nang isang araw ay na-discover siya ng isang talent manager at inalok ng pagkakataong maging shampoo commercial model.

It had been two years and she had never looked back.

Ngayon, ganap na siyang model. Endorser siya ng hair care products, facial care products, isang sikat na brand ng ice cream, isang telecommunications company at ang isa sa pinakamalalaking clothing lines sa Pilipinas, ang *Brio*.

She was also going to sign a contract to be in a reality show kung saan susundan siya ng mga cameras araw-araw sa loob ng anim na linggo para idokumento ang bago nilang relasyon ng isa sa mga pinaka-eligible na bachelors sa buong Pilipinas, si Dexter Briones, ang executive vice president mismo

ng Brio.

Nasa kanya na ang lahat ng pinangarap niya. Pero minsan, pakiramdam ng dalaga ay kulang pa rin iyon.

At kung maririnig lang ni Via ang kanyang naiisip, sasabihin nito na huwag niyang isipin kung ano ang wala, magpasalamat siya sa kung ano ang mayroon.

“Olga, Darling!”

Hindi pa siya lumilingon, napangiti na siya nang malawak nang marinig ang tinig na iyon.

“Mother!” tawa niya bago tumayo at nilapitan ang payat at matangkad na lalaki.

Si Mother Toni, o Antonio Morales, ang naka-discover sa kanya noong sumasali pa siya sa mga small-time beauty contests. Ito ang kanyang manager at nanay-nanayan sa industriya. Malaki ang utang-na-loob niya rito dahil ito ang nagbukas ng napakaraming pinto para sa kanya para masimulan ang modeling career.

Gaya noong una niya itong nakilala, fashionable ang hitsura nito. Naka-white slacks, white polo na may three-fourths sleeves, at sandalyas na puti rin.

Strawberries And Champagne - Elise Estrella

Ang tanging kulay lamang sa suot nito ay ang bitbit nitong pulang *Hermes Birkin* bag. Nakipag-beso-beso siya rito bago hinayaang inspeksyunin siya mula ulo hanggang paa.

“Lalo ka yatang gumaganda,” puna nito na may malaking ngiti sa mga labi.

“Medyo lang,” tawa ni Olga bago giniya ito patungo sa dressing room niya. “Kumusta na po?”

“Well, may isa akong napakaganda at napakalaking balita.” Napansin nito si Via na nag-aayos ng ilan sa mga pinagpipiliian nilang isusuot niya sa poolside shoot. “At nandito rin pala si Sister Via!”

Mahiyaing tumawa ang huli bago hinayaan ang bakla na halikan ito sa magkabilang pisngi. “Hindi pa rin ba nagbabago ang isip mo?” tanong ni Mother Toni sa pinsan niya. “Ayaw mo pa ring mag-model?”

“Naku, hindi na po!” tila ba naalarmang saad ni Via.

“Hay, naku, Mother,” sabi ni Olga mula sa dresser kung saan inaayos niya ang kanyang makeup. “Kung makukumbinsi mo ’yang mag-swimsuit, magre-retire na ako sa modeling.”

“Bakit naman kasi hindi?” tanong nito sa kanyang

pinsan. “Eh, pareho naman kayo ng alindog nitong si Olga. Sisikat ka rin, Hija. Pangako ’yan!”

“Diyos ko po!” bulalas ng pinsan na namumula.

Tumawa siya. “Hayaan mo na siya, Mother! Hindi niya calling ito.”

Nagpaalam si Via na kukuha ng maiinom para sa kanila at naupo si Mother Toni sa tabi niya. “Kumusta na kayo ni Dexter?”

“Ayon,” aniya. “Labas-labas. Dinner date, manonood ng sine or play. Nasa getting-to-know-each-other stage pa kami.”

“Nag-sex na kayo?”

“Mother!” tili niya at humalakhak ang bakla.

“Ito naman! Parang iba na ako sa ’yo! Isa pa, crush ko ang tatay niya. Eh, hindi ko natikman kaya makikitsismis sana ako kung magaling ’yong anak.”

“Loka ka talaga, Mother!” tumatawa pa rin niyang saad. “Anyway, wala kaming commitment. Hindi ko pa siya boyfriend. We’re just... dating. Hanging out.”

“Ewan ko ba sa mga kabataan ngayon at may pa-hanging out, hanging out pa kayo,” iling nito. “Anyway, ito na, seryoso na.” Binuksan ng matanda

ang dala nitong bag, hinila roon ang Asia Pacific edition ng *Curve Magazine*, isang sikat na international magazine for men at inabot iyon sa kanya. “Dahil mahal kita at ikaw ang paborito ko sa lahat ng mga anak ko, ikaw kaagad ang naisip ko nang tumawag sa ’kin ang editor-in-chief ng *Curve*. How do you want to be their cover model for May?”

Lumipad ang paningin ni Olga sa mga mata ng lalaki. “Oh, my God,” pabulong niyang saad.

Mabagal na tumango ang bakla na namimilog pa ang mga mata. Hindi niya napigilan ang muling tumili bago niya nilundag si Mother Toni at niyakap nang mahigpit.

“Seriously, Mother? Hindi mo ’ko niloloko?”

“No, Anak,” sabi ng binabae. “Kailangan mong magpa-sexy sa cover since parang *FHM* ’yan, mas sikat lang,” tawa nito. “Pero since you model swimsuits and underwear, I’m sure it won’t be a problem.”

Muling pinagmasdan ni Olga ang magazine. Isang magandang Korean singer ang kasalukuyang nasa cover noon. “Hindi ako makapaniwala.”

Tumawa si Mother Toni. “Ano ka ba! You deserve this,” anito. “Anyway, alam kong under contract ka sa *Brio* kaya pupunta ako sa opisina nila para kausapin si

Strawberries And Champagne - Elise Estrella

Mrs. Briones. Ipagpapaalam kita. Isa pa, kung sabihin ko na swimsuits ng kompanya nila ang ipapasuot sa 'yo sa photoshoot, I'm sure papayag naman siya." Tumayo silang dalawa. "Baka magkita kami ni Prince Charming mo. Do you want me to say hi?"

Tumango lamang si Olga bago muling niyakap ang manager. "I love you. I love you very much."

Tumawa si Mother Toni at niyakap din siya. "I love you, too. At kaya nga kita tinutulak ng ganito. Sige na. Maghanda ka na para sa susunod mong shoot. I'll call you as soon as I talk to Mrs. Briones."

Nakatayo pa rin siya sa gitna ng silid at nakatingin sa magazine nang bumalik si Via na may dalang isang tray na may mga baso ng freshly squeezed orange juice.

"O, umalis na si Mother?" tanong ng pinsan.

Binalingan niya ito. "Vee," tawag niya. "I'm going to be on the cover of *Curve*."

Namilog ang mga mata nito. "Oh, my God! Talaga?"

Mabilis siyang tumango at ibinaba nito ang tray bago lumapit sa kanya. Mahigpit niya itong niyakap at sabay silang nagtatalon sa tuwa.

“I’m so happy!” aniya.

“Me, too!” sagot ng pinsan. “Parang mali na orange juice ang dala ko. Sana pala champagne ito para ma-celebrate natin!”

Umiling si Olga. “Mamayang gabi, pagkatapos ng contract signing, mag-celebrate tayo!”

“May date kayo ni Dexter.”

“Sus! Okay lang! Celebration natin ito. I’m sure okay lang sa kanya na kasama ka sa date namin.”

Muli niyang pinagmasdan ang magazine at in-
imagine na siya na ang nasa pabalat niyon. Hindi
siya makapaniwala. Makikilala siya, hindi lamang sa
Pilipinas, kundi sa Asia Pacific region.

She was truly on her way.

Magkatabi sila ni Dexter sa mahabang mesa
habang pumipirma ng kontrata kung saan pumapayag
silang sundan ng camera nang walong oras kada
araw sa susunod na anim na linggo. Alam niyang
hindi biro iyon dahil magkakaroon lamang siya ng
privacy kapag nasa banyo o kaya ay kapag tulog na
siya, pero kakaiba kasing experience iyon at gusto
niyang subukan. Isa pa, makakatulong iyon sa career

niya at sa *Brio*.

Ang huli ang dahilan ng nobyo kung bakit ito pumayag na maging reality star. Pribadong tao si Dexter at napaka-discreet pagdating sa mga nakarelasyon nito. Kung naging girlfriend nito ang buong line-up ng *Binibining Pilipinas*, walang makakaalam niyon dahil sa likas na masekreto ang binata. Kung hindi lamang dahil sa pangungulit, pagmamakaawa at pambu-bully ng ina nito, malamang hindi papayag si Dexter sa agreement na iyon.

“Six weeks lang naman. All you have to do is be yourself. Take Olga out. Party. Enjoy yourself. Ganoon lang ang gagawin mo, libreng advertisement na ’yon para sa Brio.”

Iyon ang narinig niyang panlalalambing ng ina sa binata. Bumuntong-hininga si Dexter, umikot ang mga eyeballs pero sa huli, pumayag na rin ito.

Humilig siya palapit dito at sinulyapan siya ng binata. “Are we really doing this?” mapanukso niyang bulong.

Umangat ang isang sulok ng mga labi nito. “Nagsisisi na yata ako kaagad.”

Tumawa siya bago binalikan ang mga pahina ng kontrata na hindi pa niya napipirmahan.

At nang matapos, nakipagkamay siya sa presidente at bise presidente ng network na magpapalabas ng reality show bago nagpakuha ng mga larawan kasama ang mga ito at si Dexter. At dahil hindi sila makatanggi, sumama na rin sila nang ayain ng presidente na mag-dinner.

“Dexter,” aniya nang matapos ang hapunan at nakasakay na sila ng kanyang pinsan sa loob ng *Volvo* ng binata. “May isa pa kaming gusto i-celebrate ni Via. Can we go to *Starbucks* and have coffee first?”

“Sure,” sagot ng lalaki.

Sa *Starbucks* sa 6750 Ayala Ave. sila nagtuloy. Nag-order ito ng brewed coffee para sa sarili, isang mango passion fruit frappé para sa kanya at java chip frappucino para kay Via. Hindi niya alam kung bakit maaaring uminom ng ganoon ang pinsan at hindi tumaba. Naupo sila sa isa sa mga mesa.

“Sinabi na ba ni Tita Hilda?” tanong kaagad ni Olga. Nakausap na kasi niyang muli si Mother Toni at ibinalita nang pumayag ang CEO ng *Brio* na mag-model si Olga para sa magazine, provided na swimsuits galing sa *Brio Intimate* line ang mga isusuot niyang bikinis.

Sumipsip ng kape si Dexter mula sa hawak na

paper cup bago sumagot. “Ang alin?”

Naniningkit niya itong pinagmasdan bago kinurot. “Alam mo na, eh!”

Tumawa ang lalaki. “Oo, sinabi na ni Mommy. Pero gusto ko pa ring marinig sa ’yo.”

Ngumiti siya at niyakap ang baywang ng binata bago humilig sa balikat nito. It was something she liked about Dexter. May reputasyon ito na matinik na businessman, na intimidating, arogante at demanding itong boss. Hindi niya maikakaila iyon pero kahit pa ganoon, risonable ang ugali ng binata. He was also fun kapag wala sa opisina.

Noong una, pumayag siyang makipag-date dito nang minsan kahit pa alam niyang wala siyang panahon para makipagrelasyon, dahil lamang sa isa ito sa mga pinakaguwapong lalaking nakilala niya. Mababaw na dahilan pero sigurado siyang hindi ang kanyang pleasing personality ang nag-udyok dito na ayain siyang kumain sa labas. He did turn out to be a sweet and thoughtful guy. At kung hindi siya mag-iingat, baka tuluyan siyang mahulog dito.

Ayaw ni Olga na magmahal muli. Natikman na niya ang love at ang romance. Ayaw niya ng lasa niyon. Matamis iyon sa simula, pero mapait ang after

taste kapag lumipas na.

For now, he was fun. Hindi rin naman nagdeklara ng wagas na pag-ibig ang lalaki.

“Well, ’yon nga. I’m going to be on the cover of the Asia Pacific edition of *Curve Magazine*!” masaya niyang balita. “God, Dexter, can you believe it?”

Tumawa ang binata. “Of course, I believe it. Saan ang shoot?”

“They want a summer spread sa loob kaya sa Marinduque.” Sinulyapan niya si Via na nakaupo sa kanilang tapat. “Ano’ng resort nga ulit ’yon, Vee?”

“*Bellarocca Island Resort*,” sagot nito.

“Ah,” tango ni Dexter. “Maganda roon. I’m sure the pictures will be awesome.” Tiningnan nito ang pinsan niya habang hinahaplos ang buhok niya. “Sasama ka ba roon?”

Tumango ang kanyang pinsan. “Yes, Sir.”

Tumawa si Dexter. “Kapag ba kausap mo si Olga, tinatawag mo siyang ‘Ma’am’?” Umiling ang dalaga. “Then you shouldn’t call me ‘Sir’. Dexter na lang or Dex.”

Tumangong muli si Via. “Yes, Sir. I mean,”

tumawa ito, “Dexter.”

Namula ito bago muling binalingan ang hawak nitong grande java chip frappucino.

Siya naman ang hinarap ng nobyo. “Kailan kayo aalis?”

“Sa Friday. Two days ang shoot so uuwi kami ng Monday morning. Bakante ako next week kasi ayokong may makulit bago magsimula ang shoot natin ng show.”

Nag-angat siya ng ulo at ipinatong ang baba sa balikat ni Dexter. “We’re going to be reality T.V. stars!”

“Oh, no,” natatawang iling ng lalaki habang inaabot muli ang paper cup ng kape. “You’re going to be the reality T.V. star. Extra lang ako doon.”

“Basta.” Pumalatak siya bago muling nagsumiksik sa matipunong katawan nito. “I have a feeling our lives are going to change.”

“For the better, I hope.”

“Of course!” tawa niya. “For the better.”

2

Sa isang pindot ng kanyang daliri, nakuha ni Owen Villegas ang kulay, buhay at matingkad na kagandahan ng dagat at ng langit lampas lamang ng infinity pool sa kanyang inuupahang villa sa *Bellarocca Resorts and Spa* sa Marinduque. Kadarating lang niya roon kaninang umaga, pero nakalimandaang larawan na yata siya.

Naupo siya sa sofa sa sundeck at idinaan ang isang daliri sa trackpad ng kanyang laptop. Maaga pa, napupuno na niya ang folder na ginawa niya roon kung saan niya inilipat ang mga larawan ng resort.

Bukas pa siya magtatrabaho dahil mamayang hapon pa darating ang babaeng kukuhanan niya ng larawan, ang babaeng inaasahan na niyang makikita niyang muli, pero hindi niya napaghandaan.

Nang anyayahan siya ng *Curve Magazine* na maging guest photographer para sa isang issue, pumayag siya dahil hindi pa niya nasusubukan ang fashion photography.

Noong bata pa siya at mahirap, kumukuha siya ng ID at passport pictures. Pati pagpi-picture sa mga

alagang hayop, pinatulan niya. Nang makaipon nang kaunti, nabigyan niya ng kaunting atensyon ang iba pang uri ng photography habang nagtatrabaho sa shop ng tiyuhin niya. Kasabay ng pictures ng mga birthday, binyag at kasal, naisingit na niya ang pagkuha ng mga artistic na larawan.

Nang sumali siya sa isang international photography contest kung saan hindi inaasahang mapipili ang larawan niya sa halos dalawampung libong larawan yatang kasali, nagulat siya nang manalo siya ng grand prize. Na-exhibit ang kanyang gawa at nabigyan pa siya ng pagkakataong makapunta sa isang photography trip sa Greece. Naibenta niya nang medyo malaking halaga ang mga larawan na kuha niya roon at ginamit ang pera para muling makapag-travel.

He had an eye for what looks good and he could take pictures that could touch the soul. At least, iyon ang sabi tungkol sa kanya sa mga magazines kung saan siya na-feature.

Nakagawa na siya ng pangalan para sa sarili. At para sa isang photographer na tagakuha lamang ng 2" x 2" pictures para sa mga bio-data ng mga naghahanap ng trabaho noong kabataan niya, he had done pretty well for himself.

Strawberries And Champagne - Elise Estrella

Ano kaya ang iisipin ni Olga kapag nagkita sila mamaya? At ano ang gagawin niya kapag nakaharap na niya ang babaeng nang-iwan sa kanya dahil hindi kasing-laki ng pangarap nito para sa sarili ang pangarap niya para sa kanilang dalawa?

Bigla siyang nakadama ng kagustuhang maglakad-lakad. Nag-shutdown siya ng computer at ibinulsa ang cellphone at ang susi ng villa. Kinuha niya ang kanyang camera bag at isinukbit iyon sa isang balikat. Maganda ang isla at gusto niyang kunan ng larawan ang bawat pulgada niyon. What better time to start than now?

“This is paradise,” pabulong na sabi ni Olga nang tulungan siya ng isa sa mga empleyado ng *Bellarocca Resorts* pababa ng chartered helicopter na nagdala sa kanila ni Via sa isla.

Mula sa ere, parang isang burol ang isla kung saan naroon ang resort. Kulay berde iyon dahil hitik sa puno at may mga tuldok-tuldok na puti na nakita niyang mga istraktura pala nang mas lumapit sila. The architecture reminded her of the island of Santorini in Greece.

Agad siyang na-in love.

Strawberries And Champagne - Elise Estrella

Marami na siyang napuntahang magagandang lugar abroad pero para sa kanya, pinakamaganda pa rin ang Pilipinas.

Hindi rin naman nagpatalo sa view sa labas ang kanilang hotel room dahil hindi lamang komportable ang silid, it was luxurious. Queen-sized ang kama na naroon at makapal at malambot ang kutson. May maliit na sitting area sa isang kanto ng silid at may isa pang sitting area sa terrace. At ang banyo! Maganda ang shower area at may bathtub kung saan kasya ang dalawang tao.

“Puwede ba tayong tumira na lang dito?” tanong niya bago halos pabagsak na nahiga sa kama. Bumungisngis siya na parang bata nang tumalbog siya sa kutson.

“Well, home sweet home naman ito for four days, three nights,” paalala ng pinsan habang iniinspeksyon ang mga cabinets para masimulan na nito ang pagliligpit ng kanilang mga gamit.

“Mamaya na ’yan,” tawag ni Olga. Umusog siya sa kama at tinapik ang bakanteng espasyo sa tabi niya. Tiningnan ni Via ang kama at ang hawak na bagahe. “Vee,” tawag niya muli.

Sa wakas, bumuntong-hininga ang pinsan bago

ibinaba ang bagahe. Nagtungo ito sa kama at naupo roon. Hinila niya ang braso nito at bumubungisngis ding nahiga si Via. “Ikaw lang ang kilala kong nasa paraiso ’tapos mas iisipin pa kung sa tamang drawer mo nilagay ’yong deodorant ko.”

Ngumiti ang pinsan. “Kung alam kong nasa tamang drawer ang deodorant mo, hindi ako matatagalan hanapin ’yon kapag nagwala ka dahil hindi mo siya mahanap.”

Tumawa na rin siya. “Ano na lang ang gagawin ko kung wala ka?”

“Hindi ko nga rin alam.”

Itinulak niya pataas sa matangos na ilong ng pinsan ang suot nitong salamin. “Bakit ba kasi hindi ka mag-contacts? Kawawa naman ’yang ilong mo. Napapango na sa bigat ng salamin mo!”

“Naluluha kasi ako sa contacts,” tugon nito bago muling tumayo. Ilang beses na nga naman ba nila napag-usapan ang bagay na iyon? “Anyway, bumangon ka na diyan at mag-retouch. Nagugutom na ako. Kumain muna tayo saka natin ikutin ’tong isla.”

“Okay!”

Nang maayos niya ang makeup, bumaba sila sa hotel restaurant at nag-order ng brunch. At nang matapos kumain, lumabas sila ng hotel at tinanggihan ang alok ng isang empleyado roon na ipag-drive sila ng golf cart. Maglalakad-lakad na lamang sila. Kahit siguro libutin niya ang buong isla na naglalakad lang, hindi siya mapapagod dahil sa enjoyment niya sa kagandahan ng lugar.

May nakasalubong silang dalawang foreigners na magka-holding hands. Mukhang honeymooners ang mga ito. Binati sila ng babae at ngumiti ang lalaking kasama nito. Nag-hello silang dalawa ni Via.

“Sayang, may asawa na. Pogi pa naman,” hagikgik niya nang lumampas ang dalawa.

“May boyfriend ka na, ’no,” puna ni Via habang tinatanaw ang mga bundok sa karatig na isla.

“Hindi naman kami seryoso ni Dexter,” paalala niya. “We’re just dating and having fun. Libre pa rin akong tumingin sa mga guwapo.”

Tulad na lamang noong guwapong lalaking nakatayo sa di-kalayuan. Matangkad na matikas ang pangangatawan nito. May hawak itong camera na nakatabing sa mukha nito habang kumukuha ito ng larawan ng dagat. Napaangat ang isang kilay ni Olga

sa interes dahil sa magandang muscles nito sa braso na nakaumbok sa manggas ng suot nitong puting polo shirt. Naka-jeans din ang lalaki at sneakers.

Sumakit ang sikmura ni Olga nang awtomatikong sumagi sa kanyang isip si Owen Villegas, ang kanyang first love and last heartbreak. Photographer din kasi ang lalaki at kung narito iyon ngayon, baka hindi rin siya nito papansinin dahil na-distract na nang todo ng magandang scenery.

Apat na taon na ang nakalipas noong huli silang magkita ng dating nobyo kung saan nagkaroon sila ng matinding away dahil sa magkasalungat na pangarap. Gusto niyang maging modelo at sumikat; gusto ni Owen ng asawang mananatili sa bahay para mag-alaga ng kanilang mga anak. Sa huli, hindi na kinaya ng pag-ibig na pagsamahin ang dalawang magkaibang nilalang.

Pinanood niyang gumalaw ang lalaki para kunan ng larawan ang dagat bago ito humarap sa kanilang dalawa ni Via habang nakadikit pa rin sa mukha ang hawak na camera. Nakita niyang natigilan ito, pero gumalaw ang isa nitong daliri para pindutin ang shutter release at kunin ang kanilang larawan.

Nagsimula siyang ngumiti. Tutuksuhin na sana niya ito na mahal ang talent fee niya nang ibaba ng

Strawberries And Champagne - Elise Estrella

lalaki ang camera at nalantad sa kanyang paningin ang lalaking kanina lamang ay kanyang iniisip.

The years had not only been good to Owen, it had been generous.

Sa loob ng apat na taon, nagkaroon ng laman ang binata. Maskulado na ang pangangatawan nito. Mas malapad na ang balikat at dibdib, maging ang mga braso nito ay matigas na rin sa muscles.

His face was a little older but a lot more sexy. Nabigyan iyon ng karakter ng mga pinagdaanan nito ng apat na taong wala siya sa tabi nito. It was more ruggedly attractive rather than handsome. Matangos ang ilong nito, matalim ang mga cheekbones, maganda ang anggulo ng panga. His eyes were still dark and his lips were still sensual. Hindi niya napigil ang pagragasa ng mga alaala noong naglalandas ang mga labing iyon sa kanyang katawan. Medyo mahaba na rin ang buhok nito na nililipad ng hangin. Halos umabot na sa collar ng suot nitong polo shirt ang dulo niyon.

Nananaginip lang siya. Namamalikmata. Hindi iyon si Owen. Paano mapupunta si Owen sa isla na iyon gayong masyado itong busy sa pangongolekta ng mga larawan...

Umangat ang isang sulok ng mga labi ng binata at tuluyang pinatunayan na gising na gising siya. “Hello, Olga.”

“Oh, my God,” bulong niya.

“Owen?” ani Via sa kanyang tabi at tila ba nahimasmasan siya. “Owen Villegas?”

“Hi, Via. Kumusta na?”

“Oh, my God!” siya ring bulalas ng pinsan.

Tumawa ang binata at lumapit sa kanilang dalawa. Niyakap nito ang pinsan niya. Noon pa man, mabuting magkaibigan na ang dalawa. Hinarap siya nito at tiningnan nang derecho sa mga mata.

“Aren’t you going to give me a hug?” Magkahalong tukso at hamon ang nadinig niya sa tanong nito.

Para siyang robot na lumapit sa binata at pumalibot sa kanyang katawan ang mga braso nito. For a split second, hinayaan niyang dalhin siya ng yakap at samyo nito sa nakaraan nila. Isang masayang nakaraan na matagal nang natapos.

At tama rin siya. His body was harder than she remembered.

Tinapik niya ito sa likod bago siya humakbang

palayo. "What are you doing here?" tanong niya.

"As usual, kumukuha ng litrato," sagot nito na nakatingin pa rin sa kanya na para bang iniisa-isa rin nito ang mga ipinagbago niya. "You're still beautiful," tila ba wala sa sariling bulong nito.

Tumawa siya kahit pa hindi niya maitago ang nerbyos roon. "Salamat."

Pinagmasdan din niya ito gaya ng ginagawa nito sa kanya. Kahit ano ang gawin niya, hindi niya maalis ang mga mata niya rito. Uhaw na uhaw siya sa hitsura ng binata.

Narinig niyang tumikhim si Via at wala sa sariling nilingon niya ito.

"Why don't we all go to the hotel?" tanong ng kanyang pinsan. "May mga kailangan akong ayusin, eh. Why don't you guys have lunch and catch up?"

"Via," saway niya pero nagsalita na rin si Owen.

"That's a good idea. I'd love to have lunch with you," sagot nito na nakatingin sa kanya.

"Kakakain lang namin ni Via."

"Then you can have coffee and dessert while I have lunch." Humakbang ito palapit sa kanya at

kinailangan niya itong tingalain. “You’re not afraid to have coffee and dessert with an old friend, are you, Olga?”

Nagngalit ang ngipin niya. Hindi siya takot dito. Gaya ng sinabi nito, he was an ‘old friend’. Hindi siya takot sa nakaraan o sa mga alaala nito. Naka-move na siya. Hindi lamang niya abot-kamay ang mga pangarap niya, yakap na niya ang mga ito. Hindi na iyon maaagaw pa ng binata.

“Coffee and dessert sounds fine.”

Sabay silang naglakad pabalik sa hotel at mabilis na nagpaalam si Via na aakyat muna. Pinandilatan niya ang kanyang pinsan na inosenteng ngumiti sa kanila.

Naupo sila sa isang bakanteng mesa sa tabi ng mga bintana kung saan tanaw ang dagat. Nag-order siya ng kape at isang pastry, at nag-order ng tanghalian para sa sarili ang binata.

“Kumusta na?” tanong nito habang hawak ang isang baso ng tubig na ibinaba ng waiter sa harap nito sa mesa.

“Mabuti naman,” tipid niyang turan.

Tumawa si Owen. “Don’t be modest. Nanonood

ako ng T.V. Alam ko kung ano'ng mga ine-endorse mo.”

Napakapamilyar ng tawa ng binata. Ibinalik siya nito sa nakaraan kung kaya napangiti siya. “Then, hindi ko na kailangang sabihin sa ’yo na okay ang buhay ko.”

Nagtama ang kanilang mga paningin. “Naabot mo na ang mga pangarap mo,” mahina nitong saad.

Nag-iwas ng paningin si Olga. Apat na taon na iyon, hindi pa ba nila kayang pag-usapan? Muli niyang tiningnan ang binata sa mga mata.

“Looks like it,” aniya. Nang hindi sumagot si Owen, siya naman ang nagtanong. “Kumusta si Tito Paul?” Kahit gaano siya kagalit sa binata, hindi niya maiwasang magtanong tungkol sa tiyuhin nito na nagpalaki sa binata nang sabay na mamatay ang mga magulang nito. Mahal niya ang matanda at itinuring itong parang sarili na rin niyang kamag-anak.

“Okay lang,” anito. “Nakausap ko siya noong isang araw. Paupo-upo na lang daw siya sa shop ngayon.”

“That’s good.”

Nang muling maghari ang katahimikan,

Strawberries And Champagne - Elise Estrella

bumuntong-hininga na siya. “Owen, ano’ng ginagawa mo rito?”

“Inimbitahan ako ng *Curve Magazine* na maging guest photographer nila para sa summer issue. I’m going to be photographing you.”

PROLOGUE

Nagmulat si Olivia Jimenez at una niyang nakita ang dreamcatcher na nakasabit sa bintana ng kanyang silid. Ayon sa paniniwala ng mga Native Americans, sinasala ng disenyo ng dreamcatcher ang mga bangungot para magaganda lamang ang mapanaginipan ng taong natutulog sa ibaba nito.

Hindi sigurado ni Via kung maganda o bangungot ang kanyang panaginip lalo na't nagising siya at naroon pa rin ang katotohanang siya, at hindi ang pinsang si Olga, ang lalabas sa reality show bilang partner ng pinakaguwapo at pinaka-eligible na bachelor sa buong Pilipinas na si Dexter Briones.

Noong nakaraang gabi, pumayag siya sa plano ni Mother Toni at ni Mrs. Briones na palitan ang pinsan sa reality show para hindi nila kailanganing magbayad ng milyun-milyong piso sa network. Kailangan lang niyang magpanggap na dine-date si Dexter.

Ang binata ang siyang secret love ni Via, at siya ring secret heartbreak, nang ang pinsan niya ang una nitong ayaing mag-date.

Bumangon siya at sinilid ang mga paa sa tsinelas

na nasa sahig. Nagtaka pa kasi siya. Sa kanilang dalawa ng pinsan, si Olga ang mala-diyosa at confident na supermodel habang siya ang mahiyain at boring na personal assistant. Si Olga ang nagmomodelo ng swimsuits at siya ang laging naka-jeans at t-shirt. Si Olga ang may ngiting nakakatunaw ng puso ng lalaki at siya ang may salamin sa matang unang nakikita ng mga lalaki.

Hindi siya bitter ampalaya herbs dahil mas gusto naman niyang ang pinsan ang sentro ng atensyon. Siguro ngayon lang. Dahil ngayon lang naman siya nagkainteres sa isang lalaking interesado kay Olga.

Umiling siya dahil ang aga-aga namang negative ng mga iniisip niya. Inabot niya ang *iPad* na nasa sidetable at tiningnan ang schedule ng pinsan sa araw na iyon.

Alas diez ang una nitong shoot para sa isang bagong print ad ng shampoo pagkatapos ay may party itong dadaluhan sa gabi para sa launch ng isang produkto ng telecom company na ineendorso rin ng pinsan. Kailangang naroon siya sa shoot, pero okay na kahit hindi siya dumalo ng party.

Nang lumabas siya sa kanyang silid, natigilan siya sa mga tinig sa kusina. Naghahagikgikan ang dalawang naroon. Tinig ng isang lalaki at ng isang

babae. Marahan siyang lumapit at sumilip. Napangiti siya nang makita sina Olga at Owen na naghaharutan habang nag-aalmusal. Nilingon siya ng dalawa at mas lalo siyang napangiti nang mamula ang binata at inayos ang gulu-gulong buhok. Nilundag naman siya ng pinsan.

“Via, tingnan mo!” sabi nito at itinaas sa kanyang mukha ang isang kamay kung saan kumikinang sa sinag ng araw ang tatlong diamante ng isang engagement ring.

“Oh, my God!” bulalas niya na hinila ang kamay nito. “Oh, my God!”

Lumundag-lundag ito bago siya niyakap. “We’re getting married!”

“Oh, my God!” ulit lang niya bago niyakap ang pinsan at sabay silang lumundag-lundag. “I’m so happy for you! Congratulations!” aniya kay Owen.

Ngumiti ito at itinaas ang mug ng kape bilang pagbati. “Salamat,” sabi pa nito.

Hinablot ni Olga ang kanyang mga kamay. “Ngayon pa lang sasabihin ko na,” anang dalaga na pinisil ang kanyang mga palad. “Via, I love you. Will you be my maid of honor?”

Namasa ang mga mata niya. Suminghot siya, ngumiti at tumango. “You don’t have to ask.”

Muli niyang niyakap ang pinsan. Ito mismo ang dahilan kung bakit pumayag siyang humalili kay Olga sa reality show, dahil pinili nito ang pag-ibig. Anim na linggo lang naman ng buhay ni Via ang makukuha ng palabas na iyon. Hindi naman siguro magiging mahirap ang magpaligaw kay Dex ng anim na linggo.

1

Nasa gitna ng shoot si Olga nang tumawag si Mother Toni kay Via para sabihing pumayag na ang network na siya ang humalili sa pinsan sa reality show. Nanginig ang kanyang mga kamay, pero nagpasalamat siya kay Mother at itinala sa *iPad* ang schedule kung kailan ang panibagong contract signing at meeting kasama ng mga producers. Muli siyang nagpasalamat at pinutol ang tawag.

Nanatili siyang nakaupo sa tapat ng dresser ni Via at nakatingin lamang sa kalendaryo.

This is it.

Napalingon siya nang may kumatok sa pinto. “Come in!” tawag niya at mabagal na tumayo nang magbukas iyon at sumilip si Dexter Briones.

He really was handsome. He looked like a magazine model himself. Kung hindi pa naiimbento ang phrase na ‘tall, dark and handsome’, maiimbento iyon kapag nakita ninuman si Dexter. Nakasuot ito ng itim na polo, jeans at sneakers. Noon lang yata niya nakitang casual ang pananamit ng binata. Sa isang kamay, hawak nito ang isang pumpon ng puting rosas.

“Hi,” bati nito bago tuluyang pumasok sa silid.

“Hi,” sagot niya.

Lumapit ito at inabot sa kanya ang mga rosas. Tinanggap niya iyon na para bang hindi makapaniwala. Sa tanang buhay niya, noon lang siya nakatanggap ng mga bulaklak galing sa isang lalaking hindi niya kamag-anak.

“S’abi ni Olga, roses raw ang favorite flowers mo,” anito na may maliit na ngiti sa mga labi. “Hindi ko naitanong kung anong kulay so I went with white for now.”

“Salamat,” mahina niyang tugon. Nararamdaman din niya ang pamumula ng kanyang mga pisngi. Ang galing! Binigyan siya ng bulaklak ni Dex at namula na siyang parang kamatis. Maganda siguro iyon tingnan kung nasa T.V. na sila. Ipakita niya sa buong Pilipinas na loser siya.

“Tinawagan ka na ba ni Toni?” tanong nito.

Tumango siya. *Ano ba? Kausapin mo naman siya!*
“Katatawag lang niya. May kailangan daw tayong pirmahan na bagong kontrata?”

Si Dex naman ang tumango at ipinaikot ang mga mata sa loob ng dressing room. Malinis iyon at

nakaayos ang lahat ng gamit ni Olga. Nakahilera ang mga sapatos sa sahig ayon sa style at taas ng takong. Nakaayos ang mga damit sa clothes rack ayon sa kulay. Kahit ang mga makeup ng pinsan sa mesa ay nakahilera na parang mga sundalo.

Pinagmasdan ni Via ang binata. He was tall. Hanggang baba lang nito ang tuktok ng ulo niya. Kayumanggi ang balat nito na nakadagdag pa sa pagiging masculine ng lalaki.

And, yes, he was handsome. He had a strong face with a straight, high nose, sensual lips, and an angular jawline. Ito iyong klase ng mukha na mas lalo pang nagiging guwapo kapag tinitigan nang matagal. Maporma rin ito kahit hindi nag-e-effort, malinis at laging mabango.

Tumungo siya sa bulaklak at inamoy ang mga iyon nang muli siya nitong binalingan. Nang hindi na muling nagsalita si Dex, tinawag niya ang atensyon nito.

“Sir?” simula niya.

Tumawa ang lalaki. “I don’t think magandang tawagin ng ‘sir’ ang boyfriend mo.”

Nag-angat ng ulo si Via. Malawak na ang ngiti ni Dexter. Ang ganda talaga nitong ngumiti. “Sir?”

ulit niya.

Muli itong tumawa. “Ilang beses ko ba hihingin na tawagin mo akong ‘Dex’ imbis na ‘Sir’?” tukso nito. “Walang maniniwala na mag-boyfriend tayo kung ‘Sir’ ang itatawag mo sa ‘kin.’”

Muling namula ang dalaga. “Baka hindi ako masanay.”

“Yan ang dahilan kung bakit nandito ako,” anito. Hinawakan nito ang kanyang siko at iginiya siya patungo sa sofa kung saan sila magkatabing naupo. “Naisip ko kasi na mag-boyfriend tayo sa reality show, pero halos hindi tayo magkakilala. Ang alam ko lang tungkol sa ‘yo ay kung ano’ng naikuwento ni Olga sa ‘kin tungkol sa ‘yo. Paano kung mag-date tayo at nag-order ako ng pagkain kung saan allergic ka pala? Hindi natin maitatago ‘yon.’”

“Wala naman po akong food allergies.”

“Ulit, huwag mo na akong i-po. Boyfriend mo ako, di ba?” Bakit ba nanghihina ang kanyang tuhod sa tuwing ipapaalala nito iyon? “So, ito ang naisip ko. The show starts filming next Monday. Ibig sabihin, may isang linggo tayo para magkakilala. I want to get to know you this week. Ibig sabihin, I’m going to take you out and really be your boyfriend.”

Dumagundong ang puso ni Via. Hindi niya alam kung iiling siya at hihindi o bigla na lang maglululundag at magka-cartwheel sa tuwa. Nanatili siyang nakaupo sa tabi nito.

“Is that okay with you?”

“Okay naman po... I mean, okay naman,” pagtatama niya bago siya muling namula. *Ano ba!* “Sorry. Kailangan ko lang talagang masanay. Anyway, oo, okay lang sa ’kin. Logical naman kasi. Mas maganda na makilala nga natin ang isa’t isa bago tayo sumabak sa reality show.”

Tumango si Dex. “That’s true.” Sinulyapan nito ang relong suot. “Kailangan ko munang bumalik ng opisina ngayon pero kung okay sa ’yo, I’d like to take you out to dinner tonight. If you’re free, that is.”

In-imagine niyang inaaya siya nito dahil gusto siya ng binata at hindi dahil kailangan. Paano kaya kung galing sa puso ang kagustuhan nitong bigyan siya ng bulaklak at hindi dahil sa kasama iyon sa plano nitong maging successful ang kanilang reality show?

Pinagmasdan niya ang ngiti ng binata, ang guwapo nitong mukha at ang maganda nitong mga matang nakatuon sa kanya. Ang dali lang isipin noon.

Ang dali lang maniwala.

At sino ang makakaalam kung magkunwari siyang totoo iyon? Siya lang naman, hindi ba? Hindi malalaman ni Dexter na ilusyonada siya. Hindi siya nito pagtatawanan at hindi siya nito kaaawaan.

Ganoon na lang. Kahit hindi totoo, yayakapin ni Via sa kanyang puso ang magiging relasyon nila ng binata. For the next seven weeks, magkakaroon siya ng isang guwapo, mabait, maaruga at mayamang boyfriend. Iho-hoard na niya ang bawat sandali niyon para kapag hiwalay na sila, may mga alaala siyang dadalhin.

Tumango siya. “Okay lang ba sa ’yo na sunduin ako ng mga seven sa condo?”

“Baka abutin ng seven ang meeting ko mamaya,” imporma ng binata. “Can you give me until seven-thirty?”

Tumango siya at ngumiti. She could give him until forever.

Dumating si Dexter sa condo nina Via at Olga bago mag-seven thirty nang gabi na iyon. Pinagbukas siya ng pinto ng dalaga at sinalubong nito ng ngiti

na muling napalitan ng gulat nang iangat niya ang isang kahon ng chocolate truffles. Her reactions were so sweetly unguarded.

Noong binigyan niya ito ng bulaklak, kitang-kita niya ang pamimilog ng mga mata nito sa likod ng salamin at ang tuwa sa ngiti. Naisip tuloy niya na kung may iba bang lalaking nagbigay ng bulaklak dito. Maganda si Via kung kaya imposible namang walang nanligaw rito. Siguro naman hindi siya ang unang nagbigay ng bulaklak o tsokolate sa dalaga.

“Thank you,” sabi nito bago mas niluwangan ang pagkakabukas ng pinto. “Sandali lang. Pasok ka muna. Ilalagay ko lang ito sa refrigerator.”

Pumasok si Dexter at pinagmasdan ang papalayong dalaga. Muli siyang napangiti. She really was adorable. Nakasuot ito ng itim na palda na hanggang tuhod at pink na blusa. Naka-ponytail ito at napansin niyang may manipis na makeup nang buksan nito ang pinto. She also looked really smart and strangely sexy with her glasses on. Hindi alam ni Dex na ganoon ang epekto sa kanya ng babaeng nakasalamín.

Kumpara sa pinsang si Olga, mas plain at simple si Via. Hindi ibig sabihin na pangit ito o may mali sa hitsura o sa personalidad ng dalaga. Iyon nga lang,

mas tahimik kasi ito, pareho sa hitsura at sa ugali. That did not make her less appealing. He liked her kahit pa hindi talaga ang mga tulad ni Via ang type niyang babae.

Nang muling lumabas ang dalaga mula sa kusina, nginitian niya ito. “Ready?”

Tumango ito at sabay silang naglakad palabas ng unit. Ni-lock nito ang pinto, hinila iyon pasara bago muling pinihit ang doorknob para masigurong kumagat ang lock.

“Wala si Olga?” tanong niya habang naghihintay sila sa tapat ng elevator.

“Wala. May date sila ni Owen.”

Ni-research ni Dexter si Owen Villegas. Talentado ang binata at magaling kumuha ng mga larawan. Dumalo siya sa isa sa mga exhibits nito at sa panahon ng *Photoshop* at *Instagram*, natural at walang halong editing ang nakamamangha nitong mga litrato.

Hindi sa gusto niyang i-stalk ang lalaking ipinalit sa kanya ni Olga. Gusto lang niyang masigurong magiging maayos ito kay Owen.

Nagbukas ang elevator at sumakay silang dalawa. Tahimik lamang silang bumaba ng building at habang

iginigiya niya ang dalaga sa kanyang kotse sa parking garage ng condo. Nang makasakay sila, doon lang muling nagsalita si Via. “Saan tayo pupunta?”

“Dinner,” sabi ni Dex. “Sa *Banana Leaf* sa Greenbelt. Okay lang ba doon?”

“Oo,” tipid nitong sagot.

Sinulyapan niya ang dalaga. Nakatingin ito sa bintana na para bang malalim ang iniisip. At least, hindi na siya nito tinatawag na ‘Sir’. Narinig niya itong bumuntong-hininga at muli niya itong tiningnan.

“Look, siguro pathetic ito pero...” Muli itong bumuntong-hininga. “Hindi ako marunong makipag-date,” nahihiya nitong amin. “Hindi ko alam kung ano’ng sasabihin ko o kung paano aakto.”

Inabot niya ang kamay nito at natigilan si Via.

“Just relax,” aniya. “Kaya nga lalabas tayo ngayon. Para masubukan mo kung paano makipag-date sa ’kin.”

“Hindi lang ’yon, Dex,” patuloy nito. “Hindi lang ikaw ang hindi ko alam i-date. I’ve never had a boyfriend kaya hindi ko alam kung paano maging girlfriend. Hindi ko alam kung paano ko mapapaniwala ang mga tao na girlfriend mo ako.”

Binalingan niya ito nang huminto ang kotse sa stoplight. Kahit sa ilaw mula sa mga poste sa labas, kita niya ang pag-aalala sa mga mata ng katabi.

“Have you been on a date before?” untag niya.

“Oo, pero...”

“Di may idea ka na kung paano umakto sa isang date.”

Tiningnan lamang siya nito. “I went on a date with a guy who only talked about himself and how great he is. Then, ako ang pinagbayad niya dahil naiwan daw niya ’yong wallet niya sa bahay. Kung hindi pa sapat ’yon, feeling niya pagkatapos ng date namin, puwede niya ’kong dalhin sa motel kung saan. I’m sure, ako rin ang pagbabayaran niya kung sakaling pumayag ako.”

Nagulat si Dexter sa galit na biglang sumiklab sa kanyang sikmura para sa hindi niya kilalang tarantado. “Sino ’yon? Kilala ko ba ’yon?”

Umiling ang dalaga. “Hindi. College pa ako noon. Natuto na ako pagkatapos noon.” Natatawa sa sariling ngumiti ito. “Natuto na akong hindi makipag-date.”

Kinailangan niyang bitawan ang malambot na kamay ng dalaga nang muling mag-green ang ilaw

sa intersection. “Well, marami akong alam na topic na puwede nating pag-usapan kaya hindi lang ako ang ikukuwento ko sa ’yo. I have my wallet with me at maghuhugas muna ako ng pinggan sa restaurant bago kita pagbayarin. And you can rest assured na hindi kita dadalhin sa motel pagkatapos ng date natin na ’to.” Sinulyapan niya ang dalaga. “Kung dumating sa punto na I want to take a woman to bed, sa hotel ko siya dadalhin, and I’m sure as hell won’t let her pay for our stay.”

Narinig niyang tumawa ang dalaga. Muli niyang inabot ang kamay ni Via at pinisil iyon. “Just relax, okay?” aniya. “Let me take you out tonight. Kumain ka lang, makipagkuwentuhan. Enjoy yourself. Ganoon naman kadalasan ang dates. Kung may tanong ka, itanong mo lang sa ’kin. We’ll have you enjoying dating in no time.”

Ngumiti ang dalaga at pinisil na rin ang kanyang palad. Kung sana ay hindi niya kailangan ng dalawang kamay para magmaneho, baka iniwan na lang niya sa kandungan ni Via ang kamay niya. Hindi na in-analyze ni Dex kung bakit ganoon ang nadarama niya nang mga oras na iyon dahil naging busy siya sa pagpapalano kung paano i-date ang dalagang kasama.

He was a sweet boyfriend, kung tatanungin

ang mga exes niya. Hindi pa lang talaga siya handa sa commitment kung kaya nakipaghiwalay o hiniwalayan siya ng mga naging nobya. Pero sweet siya talagang nobyo. Ang una lang niyang kailangang gawin ngayon ay burahin ang trauma ng dalaga dala ng gagong naka-date nito noong kolehiyo.